## Impormasyon sa pagbabakuna ng COVID-19 para sa mga dayuhan na may edad na 75 pataas

☐ **Target ng Bakuna** : Ang mga dayuhan na may edad na 75 taong gulang pataas (ipinanganak bago ang Disyembre 31, 1946) na nanatili nang mas mahaba sa 90 araw sa South Korea

☐ **Uri ng bakuna** : Comirnaty (Pfizer/BioNTech) COVID-19 vaccine

※ 2 beses babakunahan sa agwat ng 21na araw

☐ **Lugar ng pagbabakuna** : COVID-19 Vaccination Centers ng Pamahalaang Lokal (lungsod, distrito)

※ Dahil Sa bawat rehiyon ay magkaiba ang pagsisimula ng operasyon kaya ipapaalam namin sa iyo nang hiwalay kapag nag-aply para sa pagbabakuna.

☐ **Pamamaraang pagbabakuna**

① **Application para sa pagbabakuna (Abril hanggang Hunyo)** : Magsumite ng nakasulat na pahintulot para sa pagbabakuna sa Local Community Center (Kailangan itong isumiti sa pamamagitan ng pabisita)

※ Mga matagalang residente na walang numero ng pagpaparehistro ng dayuhan(alien registration card) at ang mga exempted sa alien registration ayon sa (Artikulo 31 (1) ng 「Immigration Control Act」) ay maaaring mag-aplay para sa pagbabakuna sa Local Community Center matapos makatanggap ng pansamantalang numero ng pamamahala mula sa pampublikong sentro ng kalusugan (kasama ang iyong pasaporte, atbp.).

② **Pagkumpirma sa petsa ng pagbabakuna** : Nagbibigay ang Local Community Center ng indibidwal na

impormasyon sa pamamagitan ng tawag sa telepono, text message, atbp

③ **Pagbabakuna** : Bisitahin ang sentro ng pagbabakuna sa petsa at oras na binigay sa iyo at tangapin ang unang pagbabakuna, at pagkatapos ay bisitahin muli pagkalipas ng 21 araw upang tanggapin ang pangalawang pagbabakuna

※ Tiyaking dalhin ang iyong ID kapag bumisita ka

④ **Pamamahala pagkatapos ng pagbabakuna** : Pagkatapos mag pagbakuna kailangang obserbahan ang katayuan ng kalusugan sa loob ng hindi baba sa 3 araw.

※ Kung ang lagnat o sakit sa kalamnan ay nagpatuloy ng higit sa 3 araw ay kailangang magpagamot sa medikal na institusyon, at kung may isang seryosong reaksiyong allergy, bisitahin kaagad ang emergency room.

□ Para sa Mga Katanungan

- Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit ☏1339 (Gabay sa wikang banyaga)
- Local Community Service Center ng lugar

**<Ang pagsasalin na ito ay ginawa sa Danuri Helpline 1577-1366>**